

Environmental
Services

Nandito na Ang Bago Mong Basurahan ng Mare-Recycle!



Basurahang Kulay Abo na Pambasura at Mapusyaw na Asul ng Mare-recycle

Sa ngayon, dapat ay natanggap mo na ang iyong napiling kulay abo at mapusyaw na asul na basurahan. Kung hindi ito ang nangyari, mangyaring tumawag sa Environmental Services Department sa **858-694-7000**.



Mga Berdeng Basurahan

Kung humiling ka ng pagbabago sa bilang o laki ng berdeng basurahan mo, sisimulan ng Lungsod ang paghahatid sa mga ito simula sa taglagas 2026. Kung sa kasalukuyan ay wala kang berdeng basurahan, o nais mong dagdagan ang laki ng iyong kasalukuyang berdeng basurahan sa 95-gallon, mangyaring tumawag sa Environmental Services Department sa **858-694-7000**.

Panatiling Nasa Labas ang Mga Madilim na Asul na Basurahan mo Para Maalis sa Loob ng 48 Oras

Maaaring dumating ang iyong mapusyaw na asul na basurahan ng mare-recycle bago pa man maalis ang iyong lumang madilim na asul na basurahan. Pakiwan ang iyong **madilim na asul at anumang natitirang itim na basurahan** sa labas ng iyong lugar ng pagkolekta para sa buong araw ng pagkolekta at sa susunod na araw para masigurong maaalis ito. Kung nandoon pa rin ang basurahan pagkatapos ng 48 oras, magsumite ng Kahilingan sa Pag-alis ng Lalagyan sa sandiego.gov/GID o tumawag sa Environmental Services sa **858-694-7000**.


I-scan para sa mga available na wika:

- Español
- Tagalog
- Tiếng Việt



Tingnan ang Mahahalagang Tip!





Mahahalagang Tip:

Lagyan ng Label!

Isulat ang address ng iyong bahay sa puting kahon sa gilid ng basurahan, sa ilalim ng logo ng Lungsod ng San Diego.



Itim at Madilim na Asul na mga Basurahan

Hindi na siserbisyuhan ng Lungsod ang mga lumang itim na basurahan at madilim na asul na basurahan ng mare-recycle at aalisin ang mga ito upang ma-recycle. Kung ang iyong mga lumang basurahan ay hindi naalis sa iyong ari-arian, mangyaring magsumite ng Kahilingan sa Pag-alis ng Lalagyan sa sandiego.gov/GID o tumawag sa Environmental Services sa **858-694-7000**.




Pagpapalit ng Laki o Bilang ng mga Basurahan

Available ang mga pagbabago sa antas ng serbisyo sa Portal ng Mga Serbisyo sa Pagkolekta ng Basura ng Tirahan simula Hulyo 1, 2026. Mangyaring mag-log in o gumawa ng Portal account upang humiling ng ibang laki o dami ng mga basurahan ng basura, mare-recycle o organikong basura.

Kung kailangan mong mag-order ng mas malaki o karagdagang mga basurahan ngayon, bago pa magbukas ang opsyon ng pagbabago sa Portal, ang mga may-ari ng ari-arian ay maaaring tumawag sa Environmental Services sa **858-694-7000**. Kung hindi ikaw ang may-ari ng ari-arian, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong landlord.

Kung hindi mo pa nagagawa, **gumawa ng iyong Portal account para mapamahalaan ang iyong mga serbisyo sa basura at mag-sign up para sa mga abiso upang manatiling updated**

sa mga schedule ng paghahatid at iba pang update ng departamento tulad ng pagkolekta ng puno ng Pasko o mga event para sa ligtas na paggiling ng papel. Bisitahin ang sandiego.gov/trash para magsimula.



Para sa karagdagang impormasyon o tulong, makipag-ugnayan sa Environmental Services sa **858-694-7000**.